# Pagsulat ng Teknikal-Bokasyunal na Manwal ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa Pagbuo ng Komprehensibong Modyul

## *(Technical-Vocational Manual Writings of Senior High School Students: Basis for Developing a Comprehensive Module )*

**Rosalinda C. Medina, LPT**
Communication Arts, Senior High School Teacher
Isabela School of Arts and Trades-Main
City of Ilagan, Isabela, Philippines
medinarosalinda957@gmail.com

**Marina Dacaca-Acerit, Ph.D.**
Associate Professor IV
Isabela State University – Echague (Main Campus)
Echague, Isabela, Philippines
aceritmarina@gmail.com

***Abstract*—The purpose of this study is to determine the level of difficulty of manual writing by students. The rating scale from DepEd was used in this study and interpretation was given to the students' manual writing performance based on the following scales. The participants in this study were Senior High School students of the Isabela School of Arts and Trades-Main who belong to the Technical Vocational and Livelihood Track and specialize in Automotive Servicing. Students' writing manuals were analyzed to determine their writing weaknesses. It was discovered from the evaluation of experts and teachers that most of the students obtain a low marks and needed to adjust their work, in addition, internal and external factors were identified that made it difficult for the students to write their manual. These are: Internal factors: Student's self-motivation, Self-confidence to write, Lack of knowledge, Perceived pressure and external factors: Teacher's Teaching Style; External Factors: Teacher's teaching style, Classroom atmosphere, Equipment and technical skills in learning to write a manual in which they collected a qualitative description that they strongly agree with, these factors greatly affects their performance in writing their manual. The identified factors in difficulties in writing became the basis to develop a comprehensive module that will help students to cultivate their writing skills and develop a manual as a technical-vocational writing.**

***Keywords—Technical-Vocational Writings, Manual Writings, Comprehensive Module, Technical Vocational and Livelihood Track, Specialization***

## I. INTRODUCTION

Ang pagpapaigting sa mga praktikal na mga kasanayan ng mga mag-aaral kasabay ng paglinang sa kakayahan sa pagbasa at pagsulat, binibigyan ng pantay na halaga ang pagpapalakas ng mga kasanayan sa technical-vocational na mga asignatura. Masasabing natamo ng mga mag-aaral ang mga kasanayang ito nang matagumpay kung ang mga ito ay kanilang naipaliliwanag, naisasagawa at nagagamit sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Mahalaga ang pagsasagawa ng pagtataya upang masukat ang mga kasanayang natamo ng mga mag-aaral sa kanilang asignatura. Mahalagang mataya ang natamong kasanayan o kompetensi ng mga mag-aaral upang matukoy ang tiyak na mga kasanayang lalo pang pagtibayin ang mga kasanayang nangangailangan ng pagpapabuti. Kabilang sa mga pangangailangang teknikal-bokasyunal na sulatin na itinuturo sa mga mag-aaral ay ang pagsulat ng manwal. Sa sulating ito, matataya ng guro ang taglay na antas ng mga kasanayan teknikal- bokasyunal na pagsulat. Masasabing naging mabisa ang nabuong manwal ng mga mag-aaral kung ito ay nagamit na gabay ng ibang taong nais matuto nang walang kaba at kumpyansang tama ang mga sa proseso ng teknikal na gawain na inilahad sa manwal. Upang matiyak ang kawastuhan ng mga teknikal na nilalaman na aspeto ng sulatin, napakahalaga kung gayon ang pagtataya ng mga eksperto sa teknikal-bokasyunal na sulating ito. Ang bawat bahagi nito ay kailangang matiyak na may pagwawasto sa mga naisulat na manwal na nagawa ng mga mag-aaral sapagkat ito ang nagpapatunay kung sila ay nakasusunod sa kanilang mga aralin at taglay na ang mga kaalamang teknikal-bokasyonal. Gayundin ang pagwawasto ng isang guro sa Filipino upang masuri ang kasanayang teknikal-bokasyonal na pagsulat ng mga mag-aaral. Ang pagsulat ng manwal bilang awtput sa asignaturang Filipino sa mga Piling Larang ay maliwanag na nagpapakita ng natutuhan ng mga mag-aaral hindi lamang sa asignaturang Filipino lalong higit sa kanilang espesyalisasyon at patunay na sila nga ay nagkaroon ng makabuluhang pagkatuto.

Ayon kay Abesamis (2006), upang ganap na matutuhan ang mga estilo, pangangailangan, paraan,

kasanayan, tuntunin at kalikasan ng pagsulat, kinakailangang ganap na maipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang pagsulat. Kinakailangang maunawaan nilang mabuti ang bawat detalye na bumubuo at nagbibigay kalinawan sa gawaing ito. Kinatatamarang gawain ang kasanayang pangwikang ito sapagkat itinuturing na pinakamabusisi ito kumpara sa iba pang makrong kasanayan. Kinakailangang maging matiyaga ang isang sumusulat sapagkat paulit-ulit ang proseso nito hanggang sa makabuo ng isang mahusay na sulatin o awtput. Kaugnay sa teknikal na pagsulat. Sa pag-aaral ni Rodriguez (2015), lumabas na may kahinaan sa pagsulat ng iba't ibang sulatin ang mga mag-aaral sa Roxas National High School Bantug, Roxas, Isabela, taong 2015-2016 ayon sa batayan sa pagwawasto. Ang kahinaan ay sa mekaniks o kawastuhan dahil ang talataan, pagpili ng mga salita, pagpapantig ng mga salita, pagpapalitan ng mga ponema, at mga bahagi ng pananalita ay hindi gaanong binigyang halaga sa pagsulat ng sulatin.

## II. RESEARCH OBJECTIVE

Ang pag-aaral na ito ay may pangunahing layuning mataya ang mga kasanayan sa teknikal-bokasyunal na pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral upang magiging batayan sa pagbuo ng modyul sa mga araling ito.

## III. RESEARCH METHODOLOGY

Ginamit ang rating scale na mula sa DepEd para sa pagtukoy sa performans sa pagsulat ng mga mag-aaral, binigyan ng interpretasyon ang mga natuos na performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na iskala. Ginamit naman ang Pearson r correlation coefficient upang masuri ang ugnayan ng antas na nararanasan at performans sa pagsulat ng mga mag-aaral at para naman sa pagsusuri ng mga internal at eksternal na salik na may makabuluhang impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ay ginamit ang stepwise regression. Ang mga mag-aaral na naging kalahok at nagsilbing tagatugon ay binubuo ng 60 na mga mag-aaral mula sa tatlong seksyon: Apollo, Artemis at Hera na kabilang sa Technical-Vocational Track at kumukuha ng espesyalisasyong Automotive Servicing NC II na siya ring may pinakamaraming bilang ng mga mag-aaral sa Grade 12 sa larangan ng TVL Track sa Isabela School of Arts and Trades-Main Technical-Vocational ngayong Taong Panuruan 2022-2023. May dalawang pangkat naman ng mga guro ang nagsilbing ebalweytor ng mga manwal na awtput ng mga mag-aaral. Ang unang pangkat ng mga gurong ebalweytor ay binubuo ng tatlong nagtuturo ng asignaturang Automotive Servicing NCII Specialization at tatlong gurong may medyor sa Filipino.

## IV. THE FORMULATION AND THE DISCUSSION

Sa kabanatang ito inilahad, sinuri at maingat na binigyan ng pagpapakahulugan ang mga datos na tinipon para sa pag-aaral.

Sa pag-eebalweyt ng mga eksperto at guro sa performans sa pagsulat ng mga mag-aaral, ginamit ang rubrik na nakaangkla sa inilunsad ng DepEd bilang gabay sa pagtataya ng mga ginawang manwal ng mga mag-aaral. May tatlong eksperto sa teknikal at bokasyunal ang nag-ebalweyt sa mga bahagi ng manwal na 50% at malinis at maayos na kabuoan na 20%. Kaparehong bilang ng mga guro ang nag-ebalweyt naman sa Maingat na naisulat, wasto at angkop ang mga wikang ginamit na 30%. Sa kabuuang 100 porsyento na performans ng mga mag-aaral, 70 % ang mula sa mga krayterya na inibalweyt ng mga eksperto at 30 % ang mula sa mga krayterya na inibalweyt ng mga guro.

Gumamit din ng rating scale na 1-4 na may kwalitatibong deskripsyon na *napakahusay (4), mahusay (3), katamtaman ang husay (2) at Nangangailangan ng Pagsasaayos ng Gawain (1)* sa paglalarawan sa mga nakuhang mga iskor ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal. Ang mga maaaring makuha ng mga mag-aaral ay ang mga puntos na mula 90 hanggang 100 na may katumbas na Napakahusay, mula 85 hanggang 89 katumbas ng Mahusay, mula 80 hanggang 84 ay may katumbas naman na Katamtamang husay at, para naman sa mga makakakuha ng 79 pababa ay nangangahulugang Nangangailangan ng Pagsasaayos ng Gawain.

Ang resulta ng sinagawang pagtataya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral sa Senior High School na may strand na Tek-Voc at may specialization na Automotive Servicing NC II ay makikita sa Talahanayan 1. Kapansin-pansin sa Talahanayan na sa 60 na na mag-aaral ay isa (1) lamang o 1.60 porsyento ang nakakuha ng gradong 90 hanggang 100 na iskor at may markang *Napakusay.*

**Talahanayan 1. Performans sa pagsulat ng manwal bilang teknikal-bokasyunal na sulatin ng mga mag-aaral**

| Performans sa Pagsulat ng Manwal ng mga Mag-aaral | Bilang (n=60) | Porsyento |
|---|---|---|
| 90 – 100 (Napakahusay) | 1 | 1.60 |
| 85 – 89 (Mahusay) | 3 | 5.00 |
| 80 – 84 (Katamtamang Husay) | 7 | 11.70 |
| 79 Pababa(Nangangailangan ng Pagsasaayos ng Gawain) | 49 | 81.70 |

May tatlo (3) naman sa mga ito ang nakakuha ng gradong 85 hanggang 89 na may markang *Mahusay* na binubo ng 5.00 porsyento, pito (7) naman sa mga ito ang nakakuha gradong mula 80 hanggang 84 na may markang Katamtamang Husay ay nakakuha ng 11.70 na porsyente. Pinakamalaking porsyento ng mga mag-aaral ay may markang nakuhang kabilang sa 79 pababa na may 49 0 81.70 porsyento. Nangangahulugang ito na pinakamalaking bilang ng mga mag-aaral ang Nangangailangan ng Pagsasaayos ng Gawain. Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral ay kailangan pang malinang ang

kanilang mga kasanayan sa pagsulat ng manwal bilang teknikal na sulatin.

**Talahanayan 2. Kaugnayan ng kahirapan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa kanilang performans sa pagsulat ng manwal**

| Mga Erya ng Pagsulat ng Manwal | r-value | p-value |
|---|---|---|
| 1. Pagpili at paggamit ng termino o bokabularyo sa pagsulat | -0.74 | 0.01* |
| 2. Pagpili at paggamit ng teknikal o bokasyunal na termino sa pagsulat ng manwal | -0.78 | 0.01* |
| 3. Pagbuo/pagsulat ng pangungusap o pahayag | -0.65 | 0.01* |
| 4. Pagbuo ng tekstong may magkakaugnay na mga ideya | -0.67 | 0.01* |
| 5. Pag-uugnay ng mga bahagi ng teksto gamit ang mga salitang pang-ugnay | -0.67 | 0.01* |
| 6. Paggamit ng mga teknikal na mekanismo sa pagsulat | -0.67 | 0.01* |
| 7. Paggamit ng mga tuntuning gramatika | -0.67 | 0.01* |
| 8. Pagbaybay ng tama sa mga salita | -0.55 | 0.01* |
| 9. Paggamit ng angkop na mga pananda (punctuation marks) | -0.31 | 0.02* |

Ang panghuling erya ng kahirapan sa pagsulat na may resulta na -0.31 na negatibong ugnayan sa pagitan ng antas ng kahirapan sa paggamit ng angkop na mga pananda (punctuation marks) at performans sa pagsulat ng mga mag-aaral ay nagpapahiwatig ng mahalagang ugnayan ng dalawang baryabol na ito. Bagamat ang ugnayang ito ay mahina, ito ay nagpapakita pa rin na habang mas nahihirapan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga pananda, mas mababa ang kanilang performans sa pagsulat. Ang wastong paggamit ng mga pananda sa pagsulat ay mahalaga upang maipahayag nang maayos ang mga kaisipan at ideya sa manwal. Ang mga pananda tulad ng tuldok, kudlit, at bantas ay nagbibigay-diin, nagtatakda ng pagtigil, at nagbibigay ng tamang pagkasunod-sunod sa mga salita at pangungusap. Ang negatibong ugnayang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may kahinaan pa rin sa paggamit ng mga pananda ay nakapagpapababa sa kalidad ng pagsulat manwal. Mahalagang mabanggit dito na ang paggamit ng mga pananda sa pagsulat, bagaman mahalaga, ay maaaring hindi masyadong sentral o kritikal sa kabuuan ng pagsulat ng manwal kumpara sa iba pang aspeto tulad ng wastong pagpili ng mga salita o pagbuo ng magkakaugnay na mga ideya. Samakatuwid, kahit na may kaugnayan sa pagitan ng kahirapan sa aspektong ito at performans sa pagsulat, hindi ito gaanong malakas kumpara sa mga unang natalakay na mga erya. Maaari ding may mga mag-aaral na mayroon nang kaalaman sa wastong paggamit ng mga pananda at ito ay hindi gaanong nagiging hamon para sa kanila kumpara sa ibang aspeto ng pagsulat na bagong kanilang natutunan o kailangan pang pagtuunan ng pansin.

**Mga internal at eksternal na salik na nakakaimpluwensya sa kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral**

Tinukoy at sinuri sa bahaging ito ang mga salik na nakakaimpluwensya sa kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral pananaliksik upang matukoy ang mga pangunahing dahilan at mga hadlang na maaaring makaaapekto sa kanilang kakayahang gumawa ng mahusay na manwal sa larangan ng teknikal na pagsusulat. Ang mga salik na ito ay nahahati sa internal at eksternal na salik. Ang mga internal na salik ay kinabibilangan ng motibasyong pansarili ng mga mag-aaral, tiwala sa sarili na magsulat, kakulangan ng kaalaman sa teknikal na pagsulat ng manwal, nararamdamang presyur sa pagrebisa ng manwal. Samantala, ang mga eksternal na salik ay kinabibilangan ng istio ng pagtuturo ng guro, atmospera ng silid-aralan, at mga kagamitan sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal. Inalam sa bahaging ito ng pananaliksik ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga indikeytor sa bawat salik upang masuri kung gaano nakakaimpluwensya ang mga ito sa kanilang kahirapang nararanasan sa pagsulat ng manwal.

**Mga internal na salik na nakakaimpluwensya sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral**

***Motibasyong pansarili ng mga mag-aaral***

Bilang internal na salik ng kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral, mahalagang suriin ang *motibasyong pansarili ng mga mag-aaral* upang mas maunawaan kung gaano ito nakaaapekto sa paglinang ng kanilang kakayahan na bumuo ng mahusay na manwal sa larangan ng teknikal na pagsusulat. Makikita sa Talahanayan 2 ang mga natuos na mean kasama ang mga antas ng pagsang-ayon at antas ng impluwensya ng bawat indikeytor sa salik na ito.

Una, lumalabas na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa ideya na tinatamad silang magbasa ng mga sampol ng mga manwal. May natuos itong Mean na 3.03. Ang antas ng pagsang-ayong ito ng mga mag-aaral sa indikeytor na ito ay nangangahulugang naniniwala silang nakakaimpluwensya ang ganitong katamaran sa pagbabasa sa kanilang kahirapang nararanasan sa pagsulat ng manwal.

Pangalawa, sa Mean na 2.98, sumasang-ayon din ang mga mag-aaral na sila ay may kawalan ng layunin sa pagsulat. Ito ay ngangangahulugan ng pagsang-ayong nakakaimpluwensya ito sa kanilang pagsulat ng manwal.

Pangatlo, lumilitaw na may mataas na antas ng pagsang-ayon batay sa natuos na Mean na 3.27 na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagsusulat. Ang salik na ito ay nakakaimpluwensya sa nararanasang kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral.

Panghuli, ang mga mag-aaral ay may katamtamang antas ng pagsang-ayon batay sa natuos na Mean na 2.97 na sila ay nahihirapang magtuon ng pansin sa pagsulat ng manwal. Ito ay nagpapahiwatig na ang salik na ito ay nakakaimpluwensya sa kanilang kahirapang nararansasan sa pagsulat ng manwal. Ang ganitong kakulangan sa pokus ay maaaring magdulot ng pagkabigo sa paglalapat ng mga tamang konsepto at estratehiya sa pagsusulat.

Sa kabuuan, ang mga natuos na mean sa *Motibasyong pansarili ng mga mag-aaral* ay

nagpapakita ng mga personal na hamon at suliranin na kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng manwal.

### *Tiwala sa sarili na magsulat*

May mga personal na salik na nakakaimpluwensya sa kahandaan at kumpiyansa sa pagsusulat ng manwal ng mga ag-aaral.

**Talahanayan 3. Antas ng impluwensya ng mga internal at eksternal na salik sa kahirapan sa pagsulat ng mga mag-aaral ng manwal bilang teknikal-bokasyunal na sulatin**

| Internal na Salik | Mean | Antas ng pagsang-ayon | Kwalitatibong Diskripsyon |
|---|---|---|---|
| **Motibasyong pansarili ng mag-aaral** | | | |
| 1. Tinatamad akong magbasa ng mga sampol ng mga manwal | 3.03 | Sumasang-ayon | Nakakaimplu-wensya |
| 2. Kawalan ko ng layunin sa pagsulat | 2.98 | Sumasang-ayon | Nakakaimplu-wensya |
| 3. Nahihirapan akong magsulat | 3.27 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 4. Nahihirapan akong magtuon ng pansin sa pagsulat ng manwal | 2.97 | Sumasang-ayon | Nakakaimplu-wensya |
| **Tiwala sa sarili na magsulat** | | | |
| 5. Nakakaramdam ako ng nerbyos kapag magsulat | 3.32 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 6. Nakakaramdam ako ng takot na mali ang maisulat na manwal | 3.32 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 7. Nakakaramdam ako ng pagdududa sa sariling kakayahang makapagsulat ng manwal | 3.55 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| **Kakulangan ng kaalaman** | | | |
| 8. kulang ang kaalaman ko sa pagbuo ng tema ng manwal | 3.63 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 9. kakulangan ng kaalaman ko sa gramatika at bokabularyo | 3.55 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 10. Kakulangan ko ng mga ideya sa pagbuo ng manwal | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 11. kakulangan ko ng kaalaman sa paggamit ng mga angkop na mga salitang pang-ugnay | 3.93 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| **Nararamdamang presyur** | | | |
| 12. napepresyur ako sa pagrebisa ng binuong manwal batay sa fidbak ng guro | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 13. napepresyur ako sa mahabang sulatin | 3.75 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 14. napepresyur ako na mag-isip ng mga ideya upang makabuo ng manwal | 3.75 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| Weighted Mean | 3.49 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |

Una, lumalabas na may mataas na antas ng pagsang-ayon ang mga mag-aaral, batay sa natuos na Mean na 3.32 sa ideya na nakakaramdam sila ng nerbyos kapag magsulat ng manwal. Ito ay nagpapakita na ang salik na ito ay lubhang nakakaimpluwensya sa kanilang nararanasang kahirapan sa pagsusulat ng manwal.

Pangalawa, may mataas na antas ng pagsang-ayon sa natuos na Mean na 3.32 na nakakaramdam ng takot na mali ang maisulat na manwal ang ilang mag-aaral. Naniniwala ang mga mag-aaral na lubhang nakakaimpluwensya sa kanilang kahirapan sa pagsulat ng manwal ang takot nilang magkamali sa pagsulat.

Panghuli, lumalabas na may lubos ding antas ng pagsang-ayon batay sa natuos na Mean na 3.55 na nakakaramdam ng pagdududa sa sariling kakayahang makapagsulat ng manwal ang mga mag-aaral. Lubha itong nakakaimpluwensya sa kanilang kahirapang nararanasan sa pagsulat ng manwal sapagkat ang ganitong pagdududa ay maaaring maging isang malaking hadlang sa kanilang pagkatuto at pag-unlad sa larangan ng pagsusulat.

Sa kabuuan, mahalagang bigyang-pansin ang mga resultang ito upang matulungan ang mga mag-aaral na maibsan ang kanilang mga pangamba at

pag-aalinlangan sa pagsusulat. Maaaring magkaroon ng mga pagsasanay at aktibidad na magbibigay ng kumpiyansa at inspirasyon sa kanila upang mapalakas ang kanilang tiwala sa sarili at kakayahan sa pagsulat ng manwal.

***Kakulangan ng kaalaman***

Ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal ay malinaw na may impluwensya sa pagkatuto at pag-unlad ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal.

Lumalabas na may mataas na antas ng pagsang-ayon batay sa natuos na Mean: 3.63 na kulang ang kaalaman ng ilang mag-aaral sa pagbuo ng tema ng manwal. Ang mataas na pagsang-ayong ito ng mga mag-aaral sa ideyang ito ay nagpapakita na ito ay lubhang nakakaimpluwensya sa kahirapan nila sa pagsulat ng manwal.

May mataas ding antas ng pagsang-ayon ang mga mag-aaral na kulang sila ng kaalaman sa gramatika at bokabularyo. Ito ay makikita sa natuos na mean na Mean: 3.55 na nangangahulugang ito ay lubhang nakakaimpluwensya sa kanilang pagsulat ng manwal.

Lumalabas din na may lubos na antas ng pagsang-ayon ang mga mag-aaral (may natuos na Mean na 3.93) na kulang ang kanilang mga ideya sa pagbuo ng manwal. Lubha itong nakakaimpluwensya sa kanilang kahirapan sa pagsulat ng manwal sapagkat ang ganitong kakulangan ay maaaring magresulta sa pag-uulit ng kanilang isinulat na manwal.

Panghuli, may lubos na antas ng pagsang-ayon batay sa natuos na Mean na 3.93 na kulang ang kaalaman ng ilang mag-aaral sa paggamit ng mga angkop na salitang pang-ugnay. Ang ganitong kakulangan ay lubhang nakakaimpluwensya sa kanilang pagiging epektibo sa pagsulat ng manwal.

Sa kabuuan, mahalaga na mabigyan ng tamang suporta at pagtutok ang mga mag-aaral sa mga aspetong ito ng pagsulat. Maaaring magkaroon ng mga pagsasanay at aktibidad na tutulong sa kanila na mapalakas ang kanilang kaalaman at kasanayan sa mga nabanggit na aspeto ng pagsulat.

***Nararamdamang presyur ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal***

Ang nararamdamang presyur ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal ay sinang-ayunan ng mga mag-aaral bilang lubhang nakakaimpluwensya sa kanilang pagsulat ng manwal.

Una, ang pagiging napepresyur sa pagrerebisa ng binuong manwal batay sa fidbak ng guro na lubos na sinang-ayunan ng mga mag-aaral sa Mean na 3.90 ay lubos na nakakaapekto sa kanilang kahirapan sa pagsulat. Ang presyur na ito ay maaaring magdulot ng hindi kasiya-siyang karanasan sa pagsulat na maaaring makaapekto sa kanilang kumpiyansa at determinasyon na magpatuloy sa pagsusulat.

Pangalawa, ang presyur na nararamdaman sa mahabang sulatin ay may natuos na Mean na 3.75 ay lubos ding sinang-ayunan ng mga mag-aaral na may malakas na impluwensya sa kanilang kahirapan sa pagsulat ng manwal.

Pangatlo, ang presyur na nararamdaman sa pag-iisip ng mga ideya upang makabuo ng manwal na may Mean na 3.75 ay lubos ding sinang-ayunan at nagpapakita rin ng malakas na impluwensya sa kanilang kahirapan.

Sa kabuuan, sadyang mahalagang unawain at bigyang-pansin ang pandamdaming salik na ito upang matulungan ang mga mag-aaral na maiproseso at malutas ang kanilang mga emosyonal na hamon sa pagsusulat. Dapat ding bigyan sila ng tamang suporta at gabay upang mapalakas ang kanilang kakayahan at kumpiyansa sa kanilang sarili bilang manunulat.

**Mga Eksternal na Salik na Nakakaimpluwensya sa Pagsulat ng Manwal ng mga Mag-aaral**
**Istilo ng Pagtuturo ng guro**

| Eksternal na Salik | | | |
|---|---|---|---|
| **Istilo ng pagtuturo ng guro** | | | |
| 15. malabong paliwanag at mga panuto ng guro | 3.75 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 16. hindi paborableng katangian/kaugalian ng guro | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 17. nakalilitong paraan ng pagtuturo ng guro | 3.74 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 18. mga pamantayan at pangangailangan sa paggawa ng mga task | 3.92 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu wensya |
| 19. nahihirapang sundan ang istilo ng pagtuturo ng guro | 3.71 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| **Atmospera ng silid-aralan** | | | |
| 20. sitwasyon sa silid-aralan | 3.70 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 21. iskedyul ng oras ng klase | 3.45 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 22. pagkakaayos ng klase | 3.75 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 23. mahigpit na mga tuntunin sa pagsulat ng manwal (hindi *flexible*) | 3.90 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| **Mga kagamitan at teknikal na kasanayan sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal** | | | |
| 24. Kahirapang intindihin ang | 3.57 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |

| | | | |
|---|---|---|---|
| mga manwal | | | |
| 25. hindi pamilyar na mga terminolohiya sa mga kagamitan | 3.78 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 26. komplikado at teknikal na mga task sa pagbuo ng manwal | 3.75 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| 27. pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng material | 3.45 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |
| Weighted Mean | 3.72 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Nakakaimplu-wensya |

Ang mga salik sa ilalim ng istilo ng pagtuturo ng guro na nagiging sanhi ng kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng malakas na epekto ng mga ito sa karanasan at kakayahan sa pagsusulat ng manwal ng mga mag-aaral.

Una, mataas ang antas ng pagsang-ayon na lubhang nakaiimpluwensya sa karanasan sa pagsulat ng mga mag-aaral ang malabong paliwanag at mga panuto ng guro batay sa Mean nito na 3.75. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng kawalan ng kumpiyansa at direksyon sa mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat.

Pangalawa, mataas din ang antas ng pagsang-ayon na lubhang nakaiimpluwensya sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral ang hindi paborableng katangian o kaugalian ng guro. May natuos na mean dito na 3.90. Ang salik na ito ay maaaring magdulot ng negatibong epekto sa motibasyon at pagiging produktibo ng mga mag-aaral sa kanilang pagsusulat.

Pangatlo, lumalabas na mataas ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral na lubhang nakaiimpluwensya sa pagsulat ng manwal ang nakalilitong paraan ng pagtuturo ng guro na may mean na 3.74. Ang ganitong paraan ng pagtuturo ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng labis na pagkabalisa at pag-aalinlangan sa mga mag-aaral.

Pang-apat, mataas din ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral na lubhang may impluwensya sa kanilang pagsulat ang mga pamantayan at pangangailangan sa paggawa ng mga *task* na may Mean na 3.92. Ang masyadong mahigpit na pamantayan at pangangailangan sa pagsulat ng manwal ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng presyur sa mga mag-aaral na magbubunga ng pagkawala ng kanilang kumpiyansa.

Panghuli, mataas din ang antas ng pagsang-ayon na lubhang may impluwensya ang mahirap masundan na istilo ng pagtuturo ng guro sa karanasan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ito ay may mean na 3.71. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng kalituhan at kakulangan ng kalinawa sa mga mag-aaral sa kanilang gagawing pagsusulat.

Sa kabuuan, ang mga natukoy na mga salik sa ilalim ng istilo ng pagtuturo ng guro ay malaki ang epekto sa kahirapan na nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal. Ang tamang pagtutok at suporta ay kailangan ng mga mag-aaral upang maharap at malutas ang kanilang mga hamon sa pagsusulat.

***Atmospera ng silid-aralan***

Ang mga impluwensya ng atmospera ng silid-aralan sa kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang kapaligiran sa pag-aaral sa kanilang karanasan sa pagsusulat.

Ang sitwasyon sa silid-aralan ay may mataas na antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa impluwensya nito sa kanilang karanasan sa pagsulat ng manwal batay sa natuos na mean nitong 3.70. Ipinakikita ng resultang ito na ang kalagayan ng kanilang kapaligiran sa pag-aaral ay malaki ang epekto sa pagiging produktibo at epektibo sa pagsusulat ang mga mag-aaral.

Mataas din ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa impluwensya ng pagkakaayos ng klase sa kanilang kahirapang nararanasan sa pagsulat ng manwal. May natuos itong mean na 3.75. Ang ganitong aspeto ng silid-aralan ay mahalaga sa pagbuo ng maayos at organisadong kapaligiran na maaaring makatulong sa mga mag-aaral na makapagpokus at maabot ang kanilang mga layunin sa pagsusulat.

Ang mahigpit na mga tuntunin sa pagsulat ng manwal na hindi *flexibel* ay nakakuha rin ng mataas na antas ng pagsang-ayong ito ay may malaking impluwensya sa kahirapan sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral (may mean itong 3.90). Ang ganitong uri ng tuntunin ay maaaring magdulot ng presyur at kahirapan sa mga mag-aaral, lalo na kung hindi nila nasusunod ang mga ito nang maayos.

Sa kabuuan, ang mga natukoy na salik ng atmospera ng silid-aralan ay nagdudulot ng malaking epekto sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal. Mahalagang bigyan-pansin ang mga ito upang matulungan ang mga mag-aaral na magtagumpay sa kanilang mga gawain sa pagsusulat ng manwal.

***Mga kagamitan at teknikal na kasanayan sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal***

Ang mga kagamitan at teknikal na kasanayan sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal ay nagpapakita ng mahalagang papel sa karanasan sa pagsusulat ng manwal ng mga mag-aaral.

Una, batay sa natuos na mean na 3.57, may mataas ang antas ng pagsang-ayon ang mga mag-aaral na ang kahirapang intindihin ang manwal ay may impluwensya sa kahirapang nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ang ganitong kahirapan sa pag-unawa sa teknikal na katangian ng manwal ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng kawalan ng

kumpiyansa at direksyon sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Pangalawa, mataas din ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa impluwensya ng mga hindi pamilyar na mga terminolohiya sa mga kagamitan. Batay ito sa natuos na mean na 3.78. Nangamgahulugan ito na ang mga hindi pamilyar o masyadong teknikal na mga termino na ginagamit sa mga kagamitan sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal ay maaaring magdulot ng pagkakaroon ng pagkabahala at pag-aalinlangan sa mga mag-aaral sa kanilang kakayahan na makapagsulat nang maayos.

Pangatlo, mataas ang antas ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa impluwensya ng komplikado at teknikal na mga task sa pagbuo ng manwal (may Mean na 3.75) sa kanilang kahirapang nararanasan sa pagsulat ng manwal. Ang ganitong mga gawaing pampagkatuto ay maaaring makapagpababa ng kanilang tiwala sa sarili at interes sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal bilang teknikal na sulatin.

Pang-apat, mataas din ang antas ng pagsang-ayon sa impluwensya ng pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral (may Mean itong 3.45. Ang tamang pagkilala sa pinagkunan ng materyal sa pagsulat ng manwal ay mahalaga upang mabigyang pagkilala ang mga orihinal na pinagmulan ng kaalaman, magpakita ng katapatan sa pagsusulat, at magbigay ng oportunidad sa mga mambabasa na suriin ang pinagmulan ng impormasyon. Ito rin ay nagpapakita ng kredibilidad ng manunulat at nakakatulong sa pag-iwas sa plagiarism. Gayunpaman, ang pagsunod dito ay maaaring magdulot ng kahirapan sa pagsulat nang maayos na manwal. Ang mga mag-aaral ay madalas nahihirapan sa pagkilala ng pinagkunan ng materyal sa kanilang pagsusulat dahil sa kakulangan ng kaalaman o kawalan ng pamilyaridad sa tamang pormat ng *citation*. Maaari itong magresulta sa hindi tamang pagkilala o *citation* kung kaya nakakagawa sila ng *plagiarism*. Ang teknikalidad ng pagsipi at kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ay mga posibleng dahilan din kung bakit ito lubos na sinang-ayunan na nakakimpluwensya sa kanilang pagsulat ng manwal. Mahalaga na mabigyan sila ng sapat na kaalaman, gabay, at pagsasanay upang maunawaan at masanay sa tamang paraan ng paggawa ng citation.

Sa kabuuan, ang mga resulta ay nagpapakita ng kung gaano kahalaga ang mga kagamitan at teknikal na kasanayan sa pagkatuto ng pagsulat ng manwal sa kahirapan ng mga mag-aaral.

### Mga salik na may makabuluhang impluwensya sa performans sa Pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral

Sa bahaging ito ng pag-aaral, sinuri ang mga salik na may makabuluhang impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral. Ang mga salik na ito ay nagpapakita ng mga kritikal na aspeto na dapat isaalang-alang sa pagtuturo at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsusulat. Ang stepwise regression analysis ay ginamit na kagamitang istatistikal sa pagtukoy sa mga salik na may makabuluhang impluwensya sa performans sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, natukoy ang mga salik na may pinakamalaking kontribusyon sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagsusulat ng manwal.

Makikita sa Talahanayan 4 ang mga internal na salik na may pinakamalaking impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral. Sa stepwise regression analysis, lumitaw sa pagsusuri ang dalawang salik mula sa Motibasyong pansarili ng mag-aaral ang may pinakamalaking impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay ang ***kawalan ko ng layunin sa pagsulat*** at ***Nahihirapan akong magsulat*****.**

Ang unstandardized B-coefficient na -8.73 para sa *kawalan ko ng layunin sa pagsulat* at -9.30 para sa *nahihirapan akong magsulat* ay nagpapakita ng malakas na negatibong epekto ng mga salik na ito sa performans sa pagsulat ng manwal. Nangangahulugan ito na ang mga mag-aaral na walang layunin sa pagsulat ay nakakaranas ng pagbaba ng hindi bababa sa 8.73 B units sa kanyang performans sa pagsulat. Gayundin na ang mga mag-aaral na nahihirapang magsulat ay bumababa sa hindi bababa sa 9.30 B units ang kanilang mga performans sa pagsulat ng manwal.

**Talahanayan 4. Mga Internal na Salik na may pinakamalaking impluwensya sa Performans sa Pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral**

| Internal na Salik | Unstandardized B | t-value | p-value | r-value | r-square |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kawalan ko ng layunin sa pagsulat** | -8.73 | 4.13 | 0.01 | 0.78 | 0.61 |
| **Nahihirapan akong magsulat** | -9.30 | 3.81 | 0.01 | | |

Bilang karagdagan, ang *t-value* na 4.13 para sa *kawalan ko ng layunin sa pagsulat* at 3.81 para sa *nahihirapan akong magsulat* na parehong may *p-values* na 0.01 ay nagpapahiwatig ng statistical significance ng mga salik na ito. Ang *p-values* na 0.01 para sa parehong mga salik ay mas mababa sa standard alpha level na 0.05 kaya tinanggihan ang *null hypothesis* na walang impluwensya ang mga salik na ito sa performans sa pagsulat ng manwal. Ang resulta ay nagpapakita ng mahalagang pagkakaugnay ng dalawang salik na ito sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral.

Sa kabilang dako, makikita sa Talahanayan 5 ang mga eksternal na salik na may mahalagang impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral

**Talahanayan 5. Mga Eksternal na Salik na may pinakamalaking impluwensya sa Performans sa Pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral**

| Eksternal na Salik | Unstandardized B | t-value | p-value | R-value | R-square |
|---|---|---|---|---|---|
| Pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal | -9.05 | 4.94 | 0.01 | 0.66 | 0.43 |
| Hindi paborable ng mga katangian ng guro | -11.58 | 2.42 | 0.02 | | |

Sa stepwise regression analysis, lumabas na ang dalawang eksternal na salik na *pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal* at *hindi paborableng mga katangian ng guro* ang may pinakamalaking impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral. Ang lumabas na unstandardized B-coefficient na -9.05 para sa *pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal* at -11.58 para sa *hindi paborableng mga katangian ng guro* ay nagpapakita ng malakas na negatibong epekto ng mga salik na ito sa performans sa pagsulat ng manwal. Ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagsunod sa pangangailangan sa pagsipi o pagkilala sa pinagkunan ng materyal ay bumababa sa hindi bababa sa 9.05 B units ang kanyang performans sa pagsulat ng manwal. Gayundin na ang mga mag-aaral na nakakaramdam o nakakaranas ng hindi paborableng mga katangian ng guro ay bumababa ng 11.58 B units ang kanyang performans sa pagsulat ng manwal.

Ang *pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal* na may mataas na *t-values* na 4.94 at *p-value* na 0.01 na mas mababa sa mababa sa standard alpha level na 0.05. ang resultang ito ay tumatanggi sa *null hypothesis* na walang mahalagang impluwensya ang antas ng kahirapang nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsunod sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal sa kanilang performans sa pagsulat. Sapagkat ang null hypothesis ay hindi tinanggap, nangangahulugan na may mahalagang negatibong impluwensya ang nararanasang kahirapan sa pagsunod sa pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral. Ang salik na *hindi paborableng mga katangian ng guro* ay may *t-value* na 2.42 at *p-value* na 0.02 na mas mababa rin sa standard alpha level na 0.05, kaya tinanggihan ang *null hypothesis* na walang epekto ang salik na ito sa performans sa pagsulat ng manwal.Samakatuwid, ang hindi paborableng katangian ng guro ay may negatibong epekto sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral.

**Mga kasanayan sa pagsulat ng teknikal-bokasyunal na sulatin na bibigyang-diin sa bubuoing modyul sa pagsulat ng manwal**

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay natukoy ang mga kasanayan o *competencies* na bibigyang diin para sa pagbuo ng modyul sa pagsulat ng manwal ito ay halaw mula sa Curriculum Guide na pinamagatang K to 12 Basic Education Curriculum Senior High School – Applied Subject na inilunsad ng DepEd para sa K to 12 Senior High School Applied Subject – Filipino sa Piling Larang (Tek-Voc) Disyembre 2013 sa mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Technical Vocational and Livelihood Track. Inaasahang makamit o maisakatuparan ng mga mag-aaral mula sa larangang ito ay nagkaroon ng mahalagang pagganap upang matukoy ang mga kasanayang kinakailangang bigyang pansin at dapat pang hasain sapagkat base sa mga naging resulta ng pag-aaral na ito ay lumalabas na ang mga mag-aaral na kabilang sa track na ito ay nagpamalas ng kahirapan sa pagsulat ng kanilang performans task kung kaya't nararapat lamang na ito ay mabigyang lunas upang higit pang mapaigting ang kanilang pagkatuto bukod sa mga salik na natukoy kung saan sila ay labis na nagpakita ng kahirapan kabilang rito ang mga sumusunod na kasanayan na nangangailangan ng paglinang:
(1) Naililista ang mga katawagang teknikal kaugnay ng piniling anyo.
(2) Naipapaliwanag nang pasulat sa paraang sistematiko at malinaw ang piniling anyo sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na mga termino.
(3) Nakasusulat ng sulating batay sa maingat, wasto, at angkop na paggamit ng wika.
(4) Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong tenikal-bokasyunal na sulatin.

## V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Batay sa mga kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Karamihan sa mga mag-aaral ng Senior High School na may strand na Tek-Voc at specialization na Automotive Servicing NC II ay nangangailangan ng karagdagang pagsasanay sa teknikal na pagsulat. Bagaman may iilang mag-aaral na nakamit ang mataas na antas ng kahusayan, malaking bahagi ay nangangailangan pa ng pagsasaayos, ng kanilang mga sulating manwal.
2. May mahalagang negatibong ugnayan ang antas ng kahirapan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng pagsulat ng manwal sa kanilang performans sa pagsulat ng manwal. Kapag mas mahirap para sa kanila ang mga aspetong tulad ng pagpili at paggamit ng tamang bokabularyo, pagbuo ng maayos na mga pangungusap, at pagbuo ng magkakaugnay na mga ideya ay bumababa ang kalidad ng kanilang pagsulat.

3. Ang tiwala sa sarili, kakulangan sa kaalaman, at nararamdamang presyur ay mahahalagang internal na salik sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral. Maaaring makaapekto ang mga ito sa kanilang kakayahan at kahandaan sa pagsulat. Sa kabilang banda, ang istilo ng pagtuturo ng guro, atmospera ng silid-aralan, at mga kagamitan at teknikal na kasanayan sa pagkatuto ay mga eksternal na salik na maaaring makaimpluwensya sa kanilang pag-unlad sa pagsulat ng manwal.
4. May mahalagang impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral ang kawalan ng layunin sa pagsulat at kahirapan sa pagsusulat. Ang mga ito ay kritikal na aspeto na dapat isaalang-alang sa pagtuturo at pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral. May mahalaga ring impluwensya sa performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral, ang pangangailangan sa pagsipi o pagkilala ng pinagkunan ng materyal at hindi paborableng mga katangian ng guro.
5. Ang mga mag-aaral sa Senior High School na may strand na teknikal-bokasyunal ay nangangailangan ng masusing pagsasanay sa ilang pangunahing aspeto ng pagsulat ng manwal. Kabilang dito ang pagpapalawak ng bokabularyo at tamang paggamit ng teknikal na terminolohiya, pagbuo at pagpapahayag ng malinaw at gramatikal na tamang pangungusap, organisasyon ng teksto, tamang pagbaybay at paggamit ng pananda, kasanayan sa teknikal na pagsulat, at pagsunod sa pangangailangan sa pagsipi at pagkilala sa mga pinagkunan ng materyal.

Mula sa kinalabasan at sa nabuong mga konklusyon ng pag-aaral, iminumungkahi ang mga sumusunod sa layuning mapabuti ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng teknikal na pagsulat ng manwal:

1. Mahalagang bigyang-pansin sa pagtuturo ang pagpapalawak ng bokabularyo, tamang paggamit ng teknikal na terminolohiya, at pagbuo ng malinaw at lohikal na mga pangungusap at ideya. Dapat ding ituro ang tamang pagbaybay, paggamit ng pananda, at mga teknik sa pagsulat ng manwal, kasama ang pagsunod sa mga alituntunin ng pagsipi at pagkilala sa mga pinagkunan ng impormasyon. Bukod dito, ang pagbuo ng layunin sa pagsusulat ay dapat na ituro upang magkaroon ng malinaw na direksyon ang pagbuo ng manwal ng mga mag-aaral.
2. Itaguyod ang pagkakaroon ng regular na pagsasanay at pagpapataas ng kaalaman sa pagtataya ng mga guro upang mapanatili ang mataas na internal na konsistensi sa pagtataya ng performans sa pagsulat ng manwal ng mga mag-aaral sa Technical-Vocational strand. Lubos ding inimumungkahi na magkaroon ng mga pagsasanay sa pagsusulat ng mga guro upang mas mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagbibigay ng fidbak sa mga mag-aaral.
3. Hinihikayat ang mga gurong higit na bigyang-pokus at diin sa pagtuturo ang mga gawain sa pagsasanay at pagpapaunlad ng kasanayan sa teknikal na sulating ito.
4. Higit pang pag-ibayuhin ang mga pagsasanay at mga gawaing pampagkatutong naglalayong mapaunlad ang bokabularyo at kaalaman sa teknikal na terminolohiya.
5. Bumuo ng isang komprehensibong modyul sa pagsulat ng manwal na tututok sa pagpapahusay ng mga natukoy na mga kasanayang nangangailangan ng higit na pagpapabuti. Maging pangunahing layunin ng modyul na ito ang pagpapataas ng antas ng kasanayan at performans ng mga mag-aaral sa pagsulat ng manwal bilang isang teknikal-bokasyunal na sulatin.

## Acknowledgment

Ang mga awtor ay taos-pusong nagpapasalamat sa bawat indibidwal na nagkaroon ng mahalagang gampanin at nagbigay ng malaking ambag para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito, lalong higit sa mga mag-aaral bilang kalahok, mga guro at mga eksperto sa pagbabahagi ng kanilang angking katalinuhan sa pamamagitan ng tagapagsuri at tagapagwasto sa mga sulatin ng mga mag-aaral na labis na nakatulong sa pag-aaral na ito.

## References

[1] Al-Khairy, Mohamed. (2013). Saudi English-Major Undergraduates' Academic Writing Problems: A Taif University Perspective. English Language Teaching. 6. 10.5539/elt.v6n6p1.

[2] American Journal of Multidisciplinary Research & Development (AJMRD) Volume 05 Issue 01(January - 2023), PP 16-26 ISSN: 2360-821X www.ajmrd.com

[3] Bajpai, Shweta & Bajpai, Ram & Chaturvedi, Himanshu. (2015). Evaluation of Inter-Rater Agreement and Inter-Rater Reliability for Observational Data: An Overview of Concepts and Methods. Journal of the Indian Academy of Applied Psychology. 41. 20-27.

[4] Budjalemba, Algrenita & Listyani, Listyani. (2020). FACTORS CONTRIBUTING TO STUDENTS' DIFFICULTIES IN ACADEMIC WRITING CLASS: STUDENTS' PERCEPTIONS. 135-149. 10.24071/llt.v1i2.2966.

[5] Carmen Bombardó Solés Marta Aguilar Pérez Clàudia Barahona Fuentes. 2007. Technical Writing A Guide for Effective Communication. https://www.e-buc.com/portades/9788498803488_L33_23.pdf.

[6] Ihttps://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/SHS-Applied_Filipino-Tech-Voc-CG_0.pdf

[7] Investigative into Technical Writing Difficulties, Causes and Solutions. Technium Social Sciences Journal. 28. 220-235. 10.47577/tssj.v28i1.5919

[8] Karaniwang Gramatikang Pagkakamali sa Pagsulat ng Sanaysay Tungo sa Lingguwistikong Kasanayan Antonio C. De Los ReyesLaguna State Polytechnic University https://doi.org/10.36713/epra7727

[9] Multidisciplinary Journal www.ajmrd.com Page | 16 Research Paper Open Access Kompetensi ng mga Mag-Aaral sa Senior High School sa Larang ng Pagsulat Teknikal Cierel G. Edma, PhD/Felisa D. Marbella, PhD. Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon PaaralangGradwado Lungsod Sorsogon https://www.ajmrd.com/wp-content/uploads/2023/01/C511626.pdf

[10] Pagsulat ng Sulating Teknikal-Bokasyonal-Batayan at Saligang Aklat Dr. Demetrio B. Bautista, Prof. Eleonor C. Magadia, Prof. Alejandro T. Rosales https://www.scribd.com/document/335816359/Pagsulat-Ng-Sulating-Teknikal-2-bautista